



Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VIII
SCHOOLS DIVISION OF NORTHERN SAMAR

August 05, 2026

DIVISION MEMORANDUM

No. 380, s. 2026

PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2026

To: Assistant Schools Division Superintendent
Chief Education Supervisors
Education Program Supervisors
Public Schools District Supervisors
Public Elementary and Secondary School Heads
Private School Administrators
All Others Concerned

1. Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, na nagtatakda ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing **ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto**, at bilang pakikiisa sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), ang Schools Division of Northern Samar ay nakikiisa sa **pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026** na may temang: "*Wikang Filipino at AI: Kasangkapan sa Pananaliksik at Tulay sa Yaman ng Impormasyon.*"

S

2. Ang memorandum na ito ay nakabatay sa mga sumusunod:

- a. 1987 Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, Artikulo XIV, Seksyon 6–9, na nagtatadhana sa pagpapaunlad, pagpapayaman, at paggamit ng Wikang Filipino bilang pambansang wika;
- b. Republic Act No. 7104, na lumilikha sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at nag-aatas dito na manguna sa pagpapaunlad, pagpapalaganap, at pangangalaga ng Wikang Filipino at iba pang mga katutubong wika;
- c. Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, na nagtatakda ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing buwan ng Agosto;
- d. DepEd Order No. 009, s. 2026 (Guidelines on the Implementation of the Three-Term School Calendar in Basic Education), na nagbibigay-diin sa pangangalaga ng Instructional Block at sa pagpapanatili ng tuloy-tuloy na pagtuturo at pagkatuto nang walang class disruption; at
- e. Mga taunang panuntunan at adbokasiya ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026.

3. Upang matiyak ang mahigpit na pagsunod sa DepEd Order No. 009, s. 2026, ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ay isasagawa lamang sa antas ng paaralan at silid-aralan. Hindi pahihintulutan ang mga gawaing magdudulot ng pagkaantala, pagkansela, o pagkaputol ng regular na klase at ng itinakdang instructional time.

4. Hinihikayat ang lahat na magsuot ng Katutubong kasuotan na sumasalamin sa kulturang Pilipino tuwing Lunes.



Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VIII
SCHOOLS DIVISION OF NORTHERN SAMAR


5. Ang lahat ng paaralan ay hinihikayat na magsagawa ng mga gawaing nakahanay sa layunin ng pagdiriwang, tulad ng: * Araw-araw na Salita ng Araw; * Pagsulat ng sanaysay, tula, maikling kuwento, at sanaysay na replektibo; * Sabayang Pagbigkas; * Pagkukuwento at Malikhaing Pagbasa; * Spoken Poetry; * Poster at Slogan Making (tradisyunal o digital); * Quiz Bee sa Wikang Filipino; * Talumpati; * Pagpapakita ng katutubong kasuotan o kulturang Pilipino; * Pagpapakita ng mga katutubong laro, awitin, at sayaw; * Mga gawaing pangklase na nagsusulong ng responsableng paggamit ng Artificial Intelligence (AI) bilang kasangkapan sa pananaliksik at pagkatuto. Ang lahat ng gawain ay dapat isagawa sa paraang hindi makaaapekto sa regular na implementasyon ng kurikulum.

6. Ang bawat Pinuno ng Paaralan ay inaatasang:

- 6.1. Bumuo ng school-based/classroom-based activity plan;
- 6.2. Tiyakin na ang lahat ng gawain ay nakaangkla sa mga layunin ng KWF at DepEd;
- 6.3. Siguruhing walang class disruption sa pagsasagawa ng mga gawain;
- 6.4. Himukin ang aktibong partisipasyon ng mga guro, mag-aaral, at iba pang stakeholders; at
- 6.5. Magdokumento ng mga isinagawang gawain bilang bahagi ng school accomplishment report.

7. Ang Curriculum Implementation Division (CID), sa pamamagitan ng Filipino Education Program Supervisor at ng mga Public Schools District Supervisors, ang magsasagawa ng monitoring at technical assistance upang matiyak ang maayos na implementasyon ng pagdiriwang sa lahat ng paaralan.

8. Ang Memorandum na ito ay agarang magkakabisa at mananatiling epektibo hanggang sa matapos ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2026. Para sa agarang pagpapalaganap at mahigpit na pagsunod.


GAUDENCIO C. ALJIBE JR., PhD, CESO V
Pansangay na Tagapamahala ng mga Paaralan

DepEd Northern Samar
RELEASED

By: 

Date: **11 AUG 2026**